Sa Pag-IBIG,
ang miyembrong tapat, serbisyo'y sapat

"Natutuwa ako sa Pag-IBIG, lumalago ang pera mo nang hindi mo namamalayan. Kaya panatag ang loob mo." Ito ang masayang pagbabahagi ni Bb. Imelda "Leny" Saavedra Peneros, sa kanyang maikling panayam at pakikipagkwentuhan sa Pag-IBIG Fund.

Si Leny, 46 anyos at tubong Tabacco, Albay, ay 15 taon nang miyembro ng Pag-IBIG Fund. Isa siya sa mga Overseas Filipino Workers (OFWs) na regular na naghuhulog ng **P 2,000.00** buwan-buwan sa ilalim ng **Pag-IBIG I** at **P 2,000.00** rin sa **Modified Pag-IBIG 2 o MP2.** Kadalasan pa, kung siya ay may *extra money,* kanya nang hinuhulugan ang katumbas na apat hanggang limang buwang ipon. Kuwento ni Leny, mas malaki ang inihuhulog niya sa Pag-IBIG kumpara sa bangko sapagkat mas malaki ang kinikita ng kanyang pera dito. Nakakatulong din ang itinakdang *grounds for withdrawal* ng ahensiya upang patuloy na lumago ang ipon niya.

"Napakabilis mailabas ang pera mo sa bangko, *nakaka tempt.* Samantalang sa Pag-IBIG, may prosesong pagdadaanan kaya mas nakakapag- isip ka pa bago mo makuha ang pera mo,*"* katwiran ni Leny.

Panganay sa pitong magkakapatid si Leny at hayskul lamang ang natapos kung kaya't kinailangang magsimula sa buhay sa murang edad. Una siyang nagtrabaho bilang isang *food attendant* sa isang hotel sa Maynila. Dito niya nakita ang mga kababaihang nagsasanay ng iba't-ibang sayaw upang magtrabaho sa bansang Japan. Di kalaunan, dahil sa pagyayaya ng isang kaibigan at sa kagustuhan na rin niya na masubukan ang ibang trabaho, nagdesisyon si Leny na makipagsapalaran sa bansang Japan.

Taong 1998 nang magsimula si Leny bilang OFW. Ito rin ang taon na una siyang naging miyembro ng Pag-IBIG Fund. Sa mga unang taon, P 200.00 lamang kada buwan ang iniipon ni Leny subalit unti-unti itong lumaki hanggang sa umabot ng P2,000.00. Paliwanag niya, "iba na ang may naipon. Sabi nga nila, pag may isinuksok, may madudukot."

Minabuti rin ni Leny na dagdagan ang kanyang iniipon sa Pag-IBIG sapagkat ilang beses na rin siyang nakakuha ng malaki-laking *Calamity Loan* at *Multi-Purpose Loan (MPL)* dahil sa kanyang mataas na buwanang ipon. Taong 2009 nang pagkalooban ng humigit kumulang **P150,000.00 *Calamity Loan*** si Leny matapos maapektuhan ng bagyong Ondoy ang kanyang bahay sa Laguna. Ang halagang ito ay malaki ang naitulong sa kanyang pagpapapintura ng bahay at pagbili ng mga bagong kagamitan. Ayon kay Leny, ang bahay na ito ay kanya ring nabili mula sa **P500,000.00 na *housing loan*** sa Pag-IBIG noong 2001. Ang pagkakautang na ito ay kanyang natapos bayaran sa loob lamang ng sampung taon. Sa kasalukuyan, ang bahay sa Laguna ay pinapaupahan ni Leny.

Si Bb. Imelda Saavedra Peneros kasama si G. Jojo Jareño, Manager, Overseas Operations Department

Maliban dito, nakakuha rin siya ng **P 130,000.00 na MPL** na kanyang ginamit upang bayaran ang kanyang pagkakautang sa kanyang mga *credit cards* at iba pa. Taong 2012 naman nang matanggap ni Leny ang halagang humigit kumulang **P100,000.00** mula sa kanyang kabuuang ipon sa Pag-IBIG Overseas Program (POP), ang dating *voluntary savings program* ng Pag-IBIG para sa mga OFWs.

Taong 2005 nang magpasiyang huminto sa pagtatrabaho sa Japan si Leny. Habang nagpapahinga, minabuti niyang mag-aral muli upang makakuha ng ibang trabaho, sa pagkakataong ito, sa bansang New Zealand. Bilang paghahanda, ay nag-aral siya ng kursong "C*aregiving"* sa loob ng anim na buwan sa CareNET Healthcare Institute, isang *training institute* na *accredited* ng Technical Education and Skills Development Authority o TESDA. Matapos nito, naging estudyante rin siya ng *midwifery* mula 2008-2010 sa Our Lady of Fatima University. Sa kasalukuyan ay naghihintay na lamang ng tawag si Leny mula sa interesadong employer sa New Zealand.

Sa muling pag-alis ni Leny, nais niyang makapag-ipon upang makabili ng kahit man lamang isang maliit na lugar na kanyang gagamitin sa pagnenegosyo. Upang mas mabilis matupad ang pangarap na ito, kanyang ipagpapatuloy ang pag-iimpok sa Pag-IBIG Fund.

Bilang pagtatapos ng kanyang pakikipag kwentuhan, hinikayat ni Len yang kanyang kapwa OFW na maging miyembro ng Pag-IBIG. Aniya, "*magpamiyembro na sila, sigurado ang magandang ipon dito."* **Muli, isa itong pagpapatunay na sa Pag-IBIG, ang miyembrong tapat, benepisyo'y sapat.**